



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-20 ng Oktubre, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

PAALALA NG TAGAPAGREHISTRO SA MGA BOTANTE – IBALIK ANG INYONG MGA BALOTANG PANGKOREO

Kung kayo ay isang nakarehistrong botante at hindi pa ninyo nabobotohan ang inyong balota, kayo ay makakatanggap sa lalong madaling panahon ng isang paalala mula sa opisina ng Tagapagrehistro na kayo ay mayroong mas mababa sa 15 mga araw para botohan ang inyong balota para sa Ika-3 ng Nobyembre na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon.

Ang Tagapagrehistro ay nagpadala ng higit sa 1.6 milyong paalalang mga postkard sa mga nakarehistrong botante sa County ng San Diego na hindi pa nagbabalik ng kanilang mga balotang pangkoreo bilang noong Ika-14 ng Oktubre.

Huwag patagalin! Kung nasa inyo pa ang inyong balota, kumilos na ngayon at bumoto nang komportable at ligtas sa inyong tahanan. Pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalik, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa isang [pinagkakatiwalaang source](#).

Kung mas maagang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas maaga itong maiproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa Gabi ng Eleksyon.

Kung [hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balotang pangkoreo](#), kontakin ang opisina ng Tagapagrehistro sa 858-565-5800.

Kung mayroon na kayong balotang pangkoreo ngunit kailangan ninyong bumoto nang in-person ang opsyon na iyon ay available din. Dahil sa COVID-19 pandemic, hinihikayat ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga nakatatanda at mga taong mayroong mga pangunahing medikal na kondisyon na iwasan ang mga mahahabang linya at punong-punong mga lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagboto nang maaga. Maaari ninyo itong gawin:

- Ngayon sa [opisina ng Tagapagrehistro](#), ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes
- Sa [inyong itinalagang lugar ng botohan](#) o sa opisina ng Tagapagrehistro ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, simula sa Sabado, Ika-31 ng Oktubre hanggang Lunes, Ika-2 ng Nobyembre



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-20 ng Oktubre, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang lahat ay muling magbubukas sa Araw ng Eleksyon, Ika- 3 ng Nobyembre, kung saan ang mga oras ng pagboto ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Kung plano ninyong bumoto nang in-person, [maging handa](#). Isuot ang inyong face mask, pumunta sa inyong itinalagang lugar ng botohan at planuhing panatalihin ang social distancing. Ang inyong lugar ng botohan ay malamang nabago kaya i-tsek ang likod ng inyong pamphlet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante para sa inyong lokasyon ng botohan o hanapin ito sa [sdvote.com](#).

Nakabota na? Maaari ninyong kumpirmahin na ang inyong balotang pangkoreo ay natanggap na ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa [online](#) sa [sdvote.com](#).

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay naglunsad ng isang [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) na kampanya para ipaalam sa mga botante na sila ay mayroong mga opsyon sa pagboto ng kanilang balota para sa Ika-3 ng Nobyembre na eleksyon. Para sa karagdagang kaalaman, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

